# Paanong Makakatulong Ang Social Security Sa Iyo Kapag Ang Miyembro Ng Pamilya Mo Ay Binawian Na Ng Buhay

Dapat malaman ng Social Security sa lalong madaling panahon kapag ang isang tao ay binawian na ng buhay. Sa karamihan ng mga kaso, ang direktor mismo ng punerarya ang nag-uulat ng pagkamatay ng taong ito sa Social Security. Dapat mong ibigay ang numero ng Social Security ng namatay sa direktor ng punerarya upang magawa niya ang pag-uulat.

Ang ilan sa mga miyembro ng pamilya ng nasawi ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo sa Social Security kung ang taong pumanaw ay nagtrabaho ng sapat na panahon sa ilalim ng Social Security. ***Makipagbigay-alam ka sa Social Security sa lalong madaling panahon upang siguraduhin na matatanggap ng pamilya mo ang lahat ng mga benepisyo na maaaring nararapat sa kanila***. Mangyaring basahin ng mabuti ang mga sumusunod na impormasyon upang malaman kung anong mga benepisyo ang maaaring makuha.

- Isang beses na pagbabayad ng $255 ang maaaring ibayad sa nabalo kung magkasama sila sa iisang bubong; o, kung hindi man nagsasama, ay tumatanggap ng ilang mga benepisyo ng Social Security sa talaan ng namatay. Kung walang naiwang asawa, ang kabayaran ay ibinibigay sa anak na may karapatang tumanggap ng mga benepisyo sa talaan ng namatay sa buwan ng kanyang kamatayan.
- Ang ilang mga miyembro ng pamilya ay **maaaring maging may karapatang** tumanggap ng mga buwanang benepisyo, kabilang ang:
  - —Nabalo na may edad na 60 taong gulang o mas matanda pa rito (edad na 50 taong gulang o mas matanda pa rito kung may kapansanan);
  - —Nabalong asawa sa anumang edad na nag-aalaga ng anak ng namatay na wala pa sa edad na 16 taong gulang o may kapansanan;
  - —Walang asawang anak ng namatay na:
    - Mas bata pa sa edad na 18 taong gulang (o kaya sa edad na 18 o 19 taong gulang kung siya ay isang full-time na mag-aaral sa paaralang elementarya o sekundarya); o
    - Sa edad na 18 taong gulang o mas matanda pa rito na may kapansanang nag-umpisa bago umabot ng edad na 22 taong gulang;
  - —Mga magulang na may edad na 62 taong gulang o mas matanda pa rito, na umaasa sa tulong ng namatay para sa kalahati man lamang ng kanilang suporta; at
  - —Isang diborsiyadong/dang asawang nabalo, sa ilalim ng ilang mga katayuan.

**Kung ang namayapa ay tumatanggap na ng mga benepisyo ng Social Security**, dapat mong ibalik ang benepisyong natanggap niya sa buwan ng kanyang kamatayan o ano pa mang matatanggap niya sa susunod pang mga buwan. Halimbawa, kung namatay ang taong ito ng Hulyo, dapat mong ibalik ang benepisyong naipadala sa kanya ng Agosto. Kung ang mga benepisyo ay nabayaran na sa pamamagitan ng direct deposit, makipag-alam sa bangko o sa iba pang institusyon ng pananalapi. Hilingin na ibalik sa Social Security ang anumang mga pondong natanggap sa buwan ng pagkamatay o nitong huli. Kung ang mga benepisyo ay binayaran sa pamamagitan ng tseke, huwag papapalitan ang anumang mga tsekeng natanggap sa buwan na kung kailan namatay ang taong ito o nitong huli. Ibalik ang mga tseke sa Social Security sa lalong madaling panahon.

Ganuon pa man, ang mga may karapatang miyembro ng pamilya ay maaaring tumanggap ng mga benepisyo sa pagkamatay sa buwan na kung kailan namatay ang beneficiary.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang kopya ng aming mga publikasyon, bisitahin ang aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot namin ang detalyadong katanungan magmula sa oras na alas-7 ng umaga hanggang sa alas 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong business sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter doon sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10008-TL
How Social Security Can Help You When A Family Member Dies (Tagalog)
January 2008